



E-BOOKLET KWENTUHAN: INTERBENSYON SA PAGBASA AT PAG-UNAWA NG MAIKLING KWENTO

**JEAN ROSE D. CALUPIG
TEACHER I**

SAN ROQUE NATIONAL HIGH SCHOOL
09518582983
jeanrose.debelen@dedped.gov.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa E-booklet Kwentuhan: Interbensyon sa Pagbasa at Pag-unawa sa Maikling Kwento sa mga piling mag-aaral na nasa ikawalong Baitang ng San Roque National High School sa Panuruang Taon 2021-2022. Napiling tagasagot ang mga mag-aaral sa ikawalong (8) baitang ng seksyong Molave at Yakal na animnapu (60) bilang ng mag-aaral. Latunin ng pag-aaral na ito na masagot ang katanungan na: 1. Ano ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa mga sumusunod: Bahagi, Layunin, Nilalaman, Pagsasanay, Pagtataya. At Katangian; Teknikal na pormal at Disenyo 2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pauna at panapos na pagsusulit? 3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang pagganap ng mga mag-aaral batay sa pauna at panapos na pagsusulit? 4. Mayroon bang makabuluhang epekto ang paggamit ng E-Booklet Kwentuhan sa pagganap ng mga mag-aaral?

Paraang eksperimental ang ginamit kung saan pinaghambing ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng piling pangkat ng mga mag-aaral. Ang mga tagasagot ay pinili sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



pamamaraang purposibong pagtukoy ng kinatawan upang maging mas epektibo ang resulta ng pag-aaral. Gumamit ng mean at T-test upang makuha ang resulta ng pag-aaral

Konklusyon

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon

1. Ang haypotesis na nasa unang kabanata na "Walang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng sosyal midya sa kaalaman sa Wikang Filipino" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila. Nagpapatunay lamang ito na ang paggamit ng sosyal midya ay nakatutulong sa pagpapalawak sa wikang Filipino.
2. At ang haypotesis na "Walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng kasanayan sa kaalaman ng wikang Filipino" ay huwag din tanggapin, sapagkat ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila. Lumabas sa pag-aaral na nakatutulong ang sosyal midya sa pagpapalawak ng kasanayan sa kaalaman sa wikang Filipino.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



INTRODUCTION: Panimula

Sinasabing ang pagbasa ay maaring magbukas ng iba't ibang pinto ng karunungan. Ang taong palabasa ay makakakuha ng iba't ibang karunungan, ngunit paano kung ang pagbasa ay hindi agad nabigyang pansin at ito ay naging suliranin ng paaralan? Sa puntong ito malaki ang gampanin ng guro upang higit na mapaunlad ang kasanayang ito. Marami ng mga guro ang gumawa ng iba't ibang paraan hindi man nabigyan ng solusyon bagkus ay naibsan kahit papaano ang suliranin.

Matagal ng suliranin ng ilang mga paaralan ang kaugnay sa mababang poryento ng pagbasa ng mga mag-aaral gayundin ang pag-unawa nito. Kaya naman hindi tumitigil ang paaralan at mga guro na maglunsad ng iba't ibang proyekto para sa mag-aral. Kaugnay ng Panrehiyunal na Memorandum Blg. 001 at Big. 312 s. 2018 na Regional Guidelines on Comprehensive Reading Policies at BRIGADA for Every Child a Reader, ang tanggapang ito ay humihikayat sa mga paaralan na palakasin at pagtibayin ang mga programa sa pagbasa, Ang mga layunin ng programang ito ay: Mahikayat ang mga paaralan na magkaroon ng programa sa pagbasa; Makatuwang ang mga samahan na maging kabahagi sa pagpapaunlad ng programa sa pagbasa; at Malinang ang kawilihan sa pagbasa bilang ika-21 siglong kasanayan, Ang lahat ng paaralan ay dapat magkaroon ng programa sa pagbasa maging ito ay sa disiplinaryang Ingles o Filipino. . Ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglalayong muling pasiglahin ang kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, batid ng kagawaran na marami sa kabataan ngayon ang nahihilig sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume IV, Issue I

August 2022

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



mga libangan o gawaing tulad ng paggamit ng kompyuter, internet, selfon at panonood ng telebisyon. Bunga nito, idineklara ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang buwan ng Nobyembre upang isagawa ang iba't ibang mga hakbangin upang mahikayat ang mga kabataan sa pagbabasa.

Ang Every Child a Reading Program (ECARP) ay panlunas na pantulong sa mga kabataan ng mga pampublikong paaralan na may kahinaan sa pagbabasa at nawawalan ng interes sa pagbabasa. Sa programang ito na isinasagawa tuwing buwan ng Nobyembre, ang mga pampublikong paaralan sa bansa ay nagsasagawa ng iba't ibang gawain na naglalayong palaganapin ang kahusayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral, hikayatin ang mga kabataan na basahin ang mga akda ng iba't ibang manunulat at isabuhay ang mga katangi-tanging gawi ng mga kilalang Pilipino.

Kaya naman bilang guro sa Filipino ninais ng mananaliksik na makatulong sa paaralan upang mapataas ang antas sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aral at naisip ng mananaliksik na makabuo ng isang interbensyon ang E-booklet kwentuhan bilang makabagong pandulog din sa asignaturang Filipino. Gayundin sa panahon ngayon makakatulong ito sa mga mag-aaral upang matugunan ang ilang pangngailagan nila sa pagbasa at pag-unawa.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



MATERIALS AND METHODS: Paraan ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay may mga hakbang na isinagawa upang makakalap ng mga kinakailangang datos sa pag-aaral. Mula sa pagbabasa ng akdang pampanitikan na maaring maging salalalayan ng mga mag-aaral titipunin ang mga ito batay sa pangangilagan ng mga mag-aaral. Nagkaroon ng pre assessment ang paaralan upang matukoy ang suliranin ng mga mag-aaral hinggil sa pagbasa matapos ang pagtatasa at lumabas ang result ana may suliranin sa pagbasa ang mag-aaral ay bumuo ang mananaliksik ng E-booklet bilang interbensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento at ito ay isasangguni muna sa lupon ng pananaliksik upang magkaroon ito ng balidasyon.

Ang ginamitin na instrumento sa pananaliksik ay talatanungan, paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit. Sa pagbuo ng talatanungan sa pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay bumatay sa mga kasanayang pagkatuto na kaugnay at dapat matamo ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng ikawalong baitang. Ang talatanungang ito ay nagsilbing *survey questionnaire* patungkol sa paggamit ng e-booklet.

Matapos mabuo ang talatanungan ay ipinasuri ito sa mga eksperto o sa mga *panelist* ng *proposal defense* at mga kasamahang guro sa asignaturang Filipino upang mabigyang-puna at maiwasto ang mga kamalian. Pagkatapos maiwasto, ang mananaliksik ay muling lalapit sa *panelist* ng *proposal defense* at pinalagdaan ang katunayan ng pagpapatibay at kabisaan ng talatanungang gagamitin sa pananaliksik. Matapos ang balidasyon, gumawa ang mananaliksik ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



isang liham-pahintulot sa tanggapan ng *Schools Division Superintendent* at sa Punongguro upang maisagawa ang pag-aaral sa mga piling mag-aaral. Kapag napagtibay ang mga liham-pahintulot para sa pananaliksik sa nagpasagot ang mananaliksik upang maisagawa na niya ang kanyang pag-aaral

Nagkaroon ng reliability sa 20 guro sa Filipino bago ito ipagamit sa mga mag-aaral. Pagkatapos na makakuha ng mataas na mean ang kagamitan ay ipapagamit ito sa mga tagatugon ng pag-aaral upang malaman ang kabisaan nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagkatapos sasagutan ang paunang pagsusulit o *pre-test*, lilikumin at itatala ang resulta nito. Sinundan naman ito ng pagtalakay ng aralin. Kasunod ay pinasagutan sa mga mag-aaral ang panapos na pagsusulit o post test lilikumin at itatala din ang resulta nito. Matapos ang pauna at panapos na pagsusulit, sinagutan din ang talatanungan upang mataya ang ginawang interbensyon. Pinaghambingin din ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit, iuugnay ito sa angkop na istadistika, sunuri at bibigyan ng interpretasyon.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay bumubuo ng isang interbensyon E-booklet kwentuhan upang masukat ang kabisaan sa pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento. Ang ginamit na talatanungan ng mananaliksik ay naging instrumento sa pagkalap ng mga kinakailangang datos. Layunin ng talatanungan na makagawa ng pagtataya sa mga tagatugong mag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



Ang nilalaman ng talatanungan ay sasagutan ng mga mag-aaral. Ang bigat ng karampatang puntos sa kasagutan sa bahaging ito ay ang mga sumusunod:

- 4.50 - 5.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS)
- 3. 51 - 4.50 Sumasang-ayon (S)
- 2. 51 - 3.50 Ganap na Di Sumasang-ayon (GDS)
- 1.51 - 2. 50 Di – Sumasang-ayon (DS)
- 1.00 - 1.50 Lubos na Di- Sumasang-ayon (LDS)

Bumuo rin ng paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit na susukat sa kaalamang natamo ng mga mag-aaral.

RESULTS AND DISCUSSION:

PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa paglalahad sa mga nakalap na datos. Ito ay binigyan ng kaukulang interpretasyon at pagpapakahulugan sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mabigyang kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan.

Ang Talahanayan bilang isa ay nagpapahayag ng antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Layunin, ang ikalawang pahayag na "*Nauunawan ang bawat layunin na nakalagay sa paksa na nasa e-booklet kwentuhari*" ay nakakuha ng pinakamataas na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



($M = 4.90$, $SD = 0.31$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. At ang unang pahayag na "Nakatutulong ang ebooklet kwentuhan upang tugunan ang kakulangan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral" ay nakakuha ng ($M = 4.87$, $SD = 0.35$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. Habang ang ika-limang pahayag na "Nakakamit ang mga layuning nakalahad sa bawat aralin" ay nakakuha ng pinakamababa na ($M = 4.79$, $SD = 0.35$) at may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang ($WM = 4.84$, $SD = 0.373$) at may variance na 0.139 na ipinahihiwatig na kung paano ang bawat datos na puntos ay magkakatulad sa bawat isa. Ang Skewness na -2.091 na kung saan walang kinikilingang magkatimbang na may Kurtosis na 3.033 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Layunin ay mayroong taluhabang pagkaka-ugnay at karaniwang pamamahagi at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas. Batay sa resulta na ang layunin ay mahalaga sa ebooklet kwentuhan.

Talahanayan 1. Antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Layunin

Mga pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nakatutulong ang ebooklet kwentuhan upang tugunan ang kakulangan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral</i>	4.87	0.35	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nauunawan ang bawat layunin na nakalagay sa paksa na nasa e-booklet kwentuhan</i>	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
<i>Makabuluhan ang layuning nilikha sa bawat paksa</i>	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
<i>Ang mga layunin ay malinaw at may tiyak na pagkakalahad</i>	4.80	0.41	Lubos na sumasang-ayon

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



<i>Nakakamit ang mga layuning nakalahad sa bawat aralin</i>	4.79	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean = 4.84			
Standard Deviation = 0.373			
Pakahulugan = Lubhang Mataas			

Palatandaan

Sukatan	Saklaw	Puna	Literal na paliwanag
5	4.20-5.00	Lubos na sumasang-ayon	Lubhang mataas
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon	Mataas
3	2.60-3.39	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Medyo mataas
2	1.80-2.59	Hindi sumasang-ayon	Mababa
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Lubhang mababa

Binanggit naman ni Salandanan (2012), ang layunin ay nagpapahayag ng hangarin, tunguhin o pakay para sa lahat ng gawain. Sa pamamagitan ng layunin nalalaman ang gustong makamit ng mga guro. Ito ay maaaring edukasyunal o intsruksyunal na layunin. Ang pagpili ng angkop na pagtatasa ay makatutulong upang malaman kung layunin ay nakamit at ito rin ay nakapagbibigay ng gabay sa pag-organisa ng isang wastong kaalaman. Sa pangkalahatan ang layunin ay may sapat na tunguhin na nagnanais makamit sa loob ng inaasahang oras at may magandang mitihiin para sa ikauunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2. Antas Ng Paggamit Ng E-Booklet Kwentuhan Batay Sa Bahagi Ayon Sa Nilalaman

Mga pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Ang mga nilalaman ay mabisang nalilinig ang kaalaman ng mga mag-aaral</i>	4.87	0.43	Lubos na sumasang-ayon
<i>Natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa bawat nilalaman nakalahad sa materyal</i>	4.78	0.43	Lubos na sumasang-ayon
<i>Epektibo ang pagtalakay sa nilalaman gamit ang e-booklet kwentuhan</i>	4.67	0.48	Lubos na sumasang-ayon

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume IV, Issue I

August 2022

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



<i>Napadadali ang paghikayat sa mga mag-aaral na magbasa at maunawaan ang kwento</i>	4.83	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Maagan at mabilis ang pag-unawa sa nilalaman gamit ang e-booklet</i>	4.80	0.47	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean = 4.79			
Standard Deviation = 0.408			
Pakahulugan = Lubhang Mataas			

Palatandaan

Sukat	Saklaw	Puna	Literal na paliwanag
5	4.20-5.00	Lubos na sumasang-ayon	Lubhang mataas
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon	Mataas
3	2.60-3.39	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Medyo mataas
2	1.80-2.59	Hindi sumasang-ayon	Mababa
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Lubhang mababa

Talahanayan bilang dalawa ay nagpapahayag ng antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Nilalaman, ang unang pahayag na "Ang mga nilalaman ay mabisang nalilining ang kaalaman ng mga mag-aaral" ay nakakuha ng pinakamataas na ($M = 4.87$, $SD = 0.43$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. At ang ika-apat na pahayag na "Napadadali ang paghikayat sa mga mag-aaral na magbasa at maunawaan ang kwento" ay nakakuha ng ($M = 4.83$, $SD = 0.45$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. Habang ang ika-tatlong pahayag "Epektibo ang pagtalakay sa nilalaman gamit ang e-booklet kwentuhan" ay nakakuha ng pinakamababa na ($M = 4.67$, $SD = 0.48$) at may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang ($WM = 4.79$, $SD = 0.408$) at may variance na 0.167 na ipinahihiwatig na kung paano ang bawat datos na puntos ay magkakatulad sa bawat isa. Ang Skewness na -1.431 na kung saan walang kinikilingang magkatimbang na may Kurtosis na 0.049 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Nilalaman ay mayroong

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume IV, Issue I

August 2022

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



taluhabang pagkaka-ugnay at karaniwang manipis na pamamahagi at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas. Ipinakikita lamang ito na ang nilalaman ay nakatutulong sa kabuuan ng materyal.

Sa pahayag ni Gareis (2010), ang nilalaman o content ay ang partikular na paksang kinakailangang ihatid sa mga mag-aaral. Nilalayong bigyang pansin ang nilalaman at proseso ng pagkatuto. Ito rin ang nagsisilbing gabay at nagbibigay ng direksyon sa pagtuturo at pagkatuto upang maging mas makabuluhan ang proseso ng kaalaman. Ang pagbuo ng nilalaman ay nakabatay din sa layunin upang makamit ang kompetensi ng paksa. Mahalaga ang kabuuan ng nilalaman dahil dito nakasalalay ang paglilipat ng kaalaman sa mga mag-aral.

Talahanayan bilang tatlo ay nagpapahayag ng antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Pagsasanay, ang ika-apat na pahayag na "*Madaling nasasagutan at kawiliwili ang mga pagsasanay*" ay nakakuha ng pinakamataas na ($M = 4.83, SD = 0.38$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. At ang ikatlong pahayag na "*Nakapagpapaunlad ng pagbasa at pag-unawa ang mga kasanayang nilikha sa e-booklet kwentuhan*" ay nakakuha ng ($M = 4.80, SD = 0.31$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. Habang ang ika-limang pahayag "*Nakapagbibigay ng malinaw na panuto*" ay nakakuha ng pinakamababa na ($M = 4.72, SD = 0.45$) at may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang ($WM = 4.76, SD = 0.410$) at may variance na 0.168 na ipinahihiwatig na kung paano ang bawat datos na puntos ay magkakatulad sa bawat isa. Ang Skewness na -1.407

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



na kung saan walang kinikilingang magkatimbang na may Kurtosis na -0.022 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Pagsasanay ay mayroong taluhabang pagkaka-ugnay at karaniwang manipis na pamamahagi at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas. Nagpapatunay lamang ito na nakatutulong ang mga pagsasanay ayon sa pagbuo ng isang materyal.

Talahanayan 3. Antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Pagsasanay

Mga pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nalilinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsagot sa mga pagsasanay</i>	4.73	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakatutulong ang mga pagsasanay upang lubos na maunawan ang aralin</i>	4.73	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakapagpapaunlad ng pagbasa at pag-unawa ang mga kasanayang nilikha sa e-booklet kwentuhan</i>	4.80	0.41	Lubos na sumasang-ayon
<i>Madaling nasasagutan at kawiliwili ang mga pagsasanay</i>	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakapagbibigay ng malinaw na panuto</i>	4.72	0.45	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean = 4.76 Standard Deviation = 0.410 Pakahulugan = Lubhang Mataas			

Palatandaan

Sukatan	Saklaw	Puna	Literal na paliwanag
5	4.20-5.00	Lubos na sumasang-ayon	Lubhang mataas
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon	Mataas
3	2.60-3.39	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Medyo mataas
2	1.80-2.59	Hindi sumasang-ayon	Mababa
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Lubhang mababa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



Binigyang pakahulugan naman ni Pacle (2012), ang pagsasanay ay isang pag-unawa base sa kaugnayan sa istruktura ng mga asignatura. Ito ay nakapaloob sa pagkakaunawa at pagkakaugnay ng pagkatuto sa isa't isa na kung saan pagaganahin ng mga mag-aaral upang maalala ang mga materyales na mas mahusay sa mga bagong kaalaman sa sitwasyon sa pag-aaral . Ang pagsasanay isa sa mahalagang component ng material, hindi lamang dapat paksa ang nilalaman ng bawat material bagkus dapat ito ay kinapapalooban ng iba't ibang pagsasanay upang mahasa magkaroon ng motibasyon ang mag-aaral na matasa ang kanilang kaalaman sa bawat aralin

Talahanayan 4. Antas Ng Paggamit Ng E-Booklet Kwentuhan Batay Sa Bahagi Ayon Sa Pagtataya

Mga pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nakaugnay ang pagtataya sa nilalaman ng kwento</i>	4.87	0.35	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nalalaman ang mga dapat na mapaunlad sa mga kasanayan sa pagsagot sa pagtataya</i>	4.87	0.35	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagkakaroon ng interes sa pagsasagot ng pagtataya</i>	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
<i>Napapabilis ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pagtatayang ginawa</i>	4.88	0.35	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagkakaroon ng progreso ang paglinang kasanayan sa pagsagot ng pagtataya</i>	4.77	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean = 4.86 Standard Deviation = 0.351 Pakahulugan = Lubhang Mataas			

Palatandaan

Sukat	Saklaw	Puna	Literal na paliwanag
5	4.20-5.00	Lubos na sumasang-ayon	Lubhang mataas
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon	Mataas
3	2.60-3.39	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Medyo mataas
2	1.80-2.59	Hindi sumasang-ayon	Mababa
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Lubhang mababa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume IV, Issue I

August 2022

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Talahanayan bilang apat ay nagpapahayag ng antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Pagtataya, ang ika-tatlong pahayag na "*Nagkakaroon ng interes sa pagsasagot ng pagtataya*" ay nakakuha ng pinakamataas na ($M = 4.90, SD = 0.31$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. At ang ika-apat na pahayag na "*Napapabilis ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pagtatayang ginawa*" ay nakakuha ng ($M = 4.88, SD = 0.35$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. Habang ang ika-limang pahayag "*Nagkakaroon ng progreso ang paglinang kasanayan sa pagsagot ng pagtataya*" ay nakakuha ng pinakamababa na ($M = 4.77, SD = 0.43$) at may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang ($WM = 4.86, SD = 0.351$) at may variance na 0.123 na ipinahihiwatig na kung paano ang bawat datos na puntos ay magkakatulad sa bawat isa. Ang Skewness na -2.046 na kung saan walang kinikilingang magkatimbang na may Kurtosis na 2.201 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Bahagi ayon sa Pagtataya ay mayroong taluhabang pagkaka-ugnay at karaniwang manipis na pamamahagi at may literal na paliwanag na Lubhang Mataas. Nagpapaliwanag lamang ito ang pagtataya na isanagawa ay epektibo sa paggamit ng materyal

Dagdag pa ni Monceda (2016), nakapokus sa pagtataya ng produkto ng pagkatuto, samantalang ang pagtuturo ay nakatuon sa epektibong pagbibigay ng patnubay. Ang layunin nito ay upang mailarawan ang nakamtang domeyn na sinusukat at upang masigurado na patas ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



bawat narepresentang halimbawa ng mga katanungang lalabas sa pagsusulit sa mga mag-aaral
upang mapagtagumpayan ang mga proseso sa pagkatuto

Binigyang kahulgan naman ng Cambridge Dictionary (2021), ang kahulugan ng isang teknikal na porma ay isang pagsasaayos o plano para sa isang bagay na nakasulat, naka-print o naka-record ng pattern, plano, o kaayusan upang ayusin o itama ang teksto, lalo na sa isang computer. Ang teknikal na porma ayon sa napiling pattern ang laki, disenyo, materyales, atbp. na ginagamit para sa isang dokumento, libro, larawan, atbp. Sa paggawa o pagsisimulang gumawa ng isang kagamitan mahalaga rin na mabigyan ng mahalagang pansin ang porma nito upang maging maayos ang isang materyal, ito din ay nakakaagaw ng atensyon ng gagamit nito, nagiging positibo ang tugon nila kung maayos at organisado ang porma gayundin nagiging negatibo ang tugon nila kung di maayos at organisado ang porma

Talahanayan 5. Antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Katangian ayon sa Teknikal na Porma

Mga pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Angkop ang porma, sukat, kulay at tipo ng letra sa loob ng materyal</i>	4.69	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Walang mga taypograpikal na kamalian na makikita sa materyal</i>	4.70	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nababasa ng maayos ang mga pangungusap o kwento</i>	4.77	0.43	Lubos na sumasang-ayon
<i>Kaaya-aya at organisado ang presentasyon ng mga bahagi (features)</i>	4.81	0.41	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakatutulong ang teknikal na porma sa paghubog ng interes ng mag-aaral</i>	4.80	0.41	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean = 4.75			

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



Standard Deviation = 0.422
Pakahulugan = Lubhang Mataas

Palatandaan

Sukatan	Saklaw	Puna	Literal na paliwanag
5	4.20-5.00	Lubos na sumasang-ayon	Lubhang mataas
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon	Mataas
3	2.60-3.39	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Medyo mataas
2	1.80-2.59	Hindi sumasang-ayon	Mababa
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Lubhang mababa

Talahanayan bilang lima ay nagpapahayag ng antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Katangian ayon sa Teknikal na Porma, ang ika-apat pahayag na *"Kaaya-aya at organisado ang presentasyon ng mga bahagi (features)"* ay nakakuha ng pinakamataas na ($M = 4.81, SD = 0.41$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. At ang ika-limang pahayag *"Nakatutulong ang teknikal na porma sa paghubog ng interes ng mag-aara"* ay nakakuha ng ($M = 4.80, SD = 0.41$) at may puna na lubos na sumasang-ayon. Habang ang unang pahayag *"Angkop ang porma, sukat, kulay at tipo ng letra sa loob ng materya"* ay nakakuha ng pinakamababa na ($M = 4.69, SD = 0.47$) at may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang ($WM = 4.75, SD = 0.422$) at may variance na 0.178 na ipinahihiwatig na kung paano ang bawat datos na puntos ay magkakatulad sa bawat isa. Ang Skewness na -1.290 na kung saan walang kinikilingang magkatimbang na may Kurtosis na -0.339 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng E-booklet kwentuhan batay sa Katangian ayon sa Teknikal na Porma ay mayroong taluhabang pagkaka-ugnay at karaniwang manipis na pamamahagi at may literal

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto



na paliwanag na Lubhang Mataas. Base sa lumabas na result ipinakikita nito na kahalagahan at kaayusan ng teknikal naporma sa pagbuo ng materyal.

